# QC naghahanda na sa 'blended' learning sa public schools

Inihahanda na ng Quezon City government ang posibleng pagpapatupad sa blended system of learning para sa basic education upang matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral sa panahon ng may banta pa rin ang COVID-19 pandemic.

Ayon kay QC Mayor Joy Belmonte, patuloy na humahanap ng mga paraan ang lokal na pamahalaan para hindi maapektuhan ang pag-aaral ng mga estudyante sa panahon na may krisis.

"Nais nating matiyak ang kaligtasan ng ating mga estudyante nang hindi maantala ang kanilang pag-aaral at ang paghahanda na ating isinasagawa ay para sa lahat ng posibleng senaryo " pahayag ni Belmonte.

Ang hakbang ay alinsunod sa localized Learning Continuity Plan (LCP) ng QC at mga interventions bagama't batay sa survey na ginawa ng City's Schools Division Office sa 65,283 mag-aaral sa iba't ibang academic levels, may 48,769 o 74.6 percent ay nais pa rin ang face-to-face classes habang ang nalalabing 25.4 percent ay laan sa blended system of learning-online o modular.

Sinabi ni Belmonte na batay sa survey, ang lokal na pamahalaan ay gagamit ng kumbinasyon ng ibat-ibang alternative learning options para sa darating na pasukan sa August 24.

Anya, plano ng lokal na pamahalaan na gumamit ng modular system para sa kinder hanggang Grade 6 at gagamit ng printed learning modules para sa mga mag-aaral at ipamamahagi sa pamamagitan ng mga kilalang learning hubs habang ang electronic devices na may modules ay ilalaan sa higher levels na magbabawas sa gamit sa internet.

"A more detailed school-based mapping will be conducted to identify the most appropriate learning modality considering the context of the students and the other stakeholders," dagdag ni Belmonte.

Naghahanda rin ang lokal na pamahalaan ng kanilang educational system para sa new normal sa pamamagitan ng pag-realign sa pondo para ipambili ng learning tools at electronic gadgets para sa mga mag-aaral at guro.

Nagsimula nang makipag-usap ang QC government sa pangunahing telecommunication companies para mabigyan ng maayos na internet service ang mga mag-aaral kung kinakailangan.

Nakikipag-usap din ang lokal na pamahalaan sa mga may-ari ng internet shops para gamiting blended learning centers ang net shops para sa mga mag-aaral na walang laptop.

Sa ngayon ay bawal ang face- to -face classes dahil sa banta ng COVID-19.

Ang QC ay may 432,667 enrolled na mag-aaral sa public school na may 15,423 teaching at non-teaching personnel. *(Angie dela Cruz)*